

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

GRADE 3 - SCIENCE



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Science

Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Jennifer M. Rojo
Content Creator & Writer

Jason Orozco, Rosziel Santos & Helen A. Gutierrez
Reviewer & Editor

Fe M. Ong-ongowan, Alvin G. Alejandro & Hiyasmin D. Capelo
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Rene Roy S. Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
Language Editor, Translator & Reviewer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CAL-


Ang Mga Nagpapagalaw sa mga Bagay

Aralin


I

Sa araling ito, inaasahan na mauunawaan mo ang mga dahilan ng pag-galaw ng iba't-ibang bagay. Inaasahan din na maiilarawan ang mga ito ayon sa nakikita mo sa iyong paligid.


Panuto: Pag-aralan at suriin ang mga larawan simula sa Larawan A.




Larawan A



Larawan B



Larawan C



Larawan D

Tingnan ang larawan B. Gumalaw ba ang bola? Ang lakas na galing sa kamay ang siyang naging daan para gumalaw ang bola at maipasa sa kalaro. Tingnan ang larawan D. Paano gumalaw ang lata? Ano ang ginawa ng mga bata? Paano mo nasabing gumalaw ang lata?


Ang puwersa sa kamay ang nagpagalaw sa lata. Kung walang tutulak o hihila sa lata, mananatili ito sa puwesto nito.

Maraming bagay ang nakahimpil na mananatili sa ganoong posisyon hanggang may puwersa sa labas na gagamitin upang mapagalaw ang mga ito. Ang panlabas na puwersang ito ay isang tulak o hila.


Magtutuloy ang paggalaw ng ilang bagay hanggang may gagawin sa mga ito. Gumagalaw ang mga bagay minsan dahil ang tao, tubig, hangin, at magnet ay nagdudulot sa kanila na gumalaw habang tuloy sila sa naunang paggalaw at nag-iiba sila ng lugar o posisyon. Kapag gumalaw ang mga bagay, sinasabing sila ay nasa paggalaw (in motion). Gumagalaw ang mga bagay dahil sa nailaang puwersa sa kanila. Mas malakas ang puwersang nailaan, mas mabilis at malayo ang paggalaw nitó. Maaaring gumalaw ang mga ito nang pasulong o paurong, mabatak at maisiksik dahil sa puwersa.

Tingnan ang mga larawan. Basahin ang mga salitang naglalarawan nito. Tingnan ang arrow na nakaguhit sa bawat larawan.


1. Gumagalaw ang mga pako dahil sa magnet.




2. Gumagalaw ang bangkang papel sa ilog dahil sa puwersa ng tubig.



3. Gumagalaw ang mga damit sa sampayan dahil sa hangin.



4. Ang batang tumutulak sa karitong may pinamili ay nagagawa itong pagalawin dahil sa ibinigay na puwersa.




D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tingnan at suriin ang mga larawan. Ilarawan kung paano masasabing gumalaw ang mga bagay. Tingnan ang halimbawa.




1. Ang kahon ay nailipat sa isang lugar dahil sa lakas ng hila ng mga bata.




2. _____



3. _____



4. _____







5. _____

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** kung mali naman ang pangungusap. Gawin ito sa kuwaderno.

- _____ 1. Napagagalaw natin ang mga bagay sa pagtulak o paghila.
- _____ 2. Mas maraming puwersa ang kinakailangan para mapagalaw ang isang bagay.
- _____ 3. Ang puwersa at hangin ang tanging mga nagpapagalaw ng bagay.
- _____ 4. Gumagalaw ang mga bagay sa pamamagitan ng hangin at magnet.
- _____ 5. Kung hihilahin mo ang yoyo, pupunta ito sa itaas.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Iguhit ang mga bagay na nasa larawan. Gawin ito sa kuwaderno. Ilarawan kung paano mapapagalaw ang mga bagay sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




14 by Department of Education - <http://lrmds>.



Kumpletuhin ang talata sa ibaba.

Napagagalaw ng puwersa ang mga bagay. Ilan sa mga gawaing káya kong gawin upang mapagalaw ang mga bagay ay ang _____, _____, _____, at _____.







Posisyon ng isang Tao o Bagay batay sa Punto ng Reperensiya (Point of Reference)

Aralin

I


Mahalaga na malaman mo ang punto ng reperensiya (reference point) para masabi mo ang position ng isang tao o bagay. Sa paraang ito, matutukoy o mailalarawan mo rin kung ang isang bagay ay gumalaw, lumayo o lumapit sa kaniyang pinangalingang tao, bagay, o lugar.



Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng paggalaw?

Paano mo nasabing gumalaw ang bata sa mga larawan? Alin ang iyong punto ng reperensiya (point of reference)?


Masasabi mong gumagalaw ang isang bagay o tao kapag natukoy mo ang pinagmulan na posisyon. Ang force ay puwedeng magpagalaw ng tao o bagay at masabing siya ay gumagalaw at naiiba ang direksiyon. Ang galaw ay puwedeng mahina, mabagal, o mabilis. Tingnan na maigi ang mga larawan sa ibaba. Saan nanggaling ang bata? Paano siya nakarating sa lugar na malapit sa botika? Malayo na ba siya sa bahay nila? Paano ba siya nakarating sa palengke? Gaano kabilis o kabagal ang kaniyang paglalakad? Ano ang nagpapagalaw sa kaniya?



Ang mga larawan sa itaas ay isang halimbawa para mapaunlad mo ang iyong kaalaman para matukoy ang punto ng reperensiya. Ang punto ng reperensiya (point of reference) ay ang indikasyon ng lokasyon ng isang bagay o tao ayon sa kinaroroonan nito. Ang punto ng reperensiya (point of reference) sa larawan ay ang bahay. Gumalaw o masasabi mong gumalaw siya nang makita mo sa sumunod na larawan na siya ay nasa lugar na makikita ay botika. Ang paglalakad niya papunta sa botika ay ang kaniyang galaw para masabi mo na siya ay gumalaw.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Ilarawan ang makikita sa bawat kahon. Sagutin ang mga tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



A



B



C

1. Nasaan ang kuneho at pagong sa larawan A?
2. Nasaan ang kuneho sa larawan B?
3. Gumagalaw ba ang kuneho? Paano mo nasabi?
4. Ano ang iyong punto ng reperensiya (point of reference)?



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pag-aralan ang mga larawan. Tingnan kung ang mga bagay ay nagpapakita na gumagalaw. Isulat sa patlang ang tamang sagot sa pamamagitan ng paglagay ng tsek.



A

B


1. _____





2. _____



3. _____




4. _____



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Iguhit ang pangalawang larawan para maipakita na gumagalaw ang isang bagay o hayop sa unang larawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



1.




2.



3.



4.



Pinagmulan at Gamit ng Liwanag at Init

Aralin

I

Mahalaga na malaman mo ang pinagmumulan ng liwanag at init na bahagi na ng pang araw-araw mong pamumuhay.

Ang liwanag ay may iba ibang pinagmumulan. Maaaring ito ay **artipisyal** o **natural**. May mga bagay sa ating paligid na nagbibigay ng liwanag at init tulad ng araw. May mga bagay din na ginawa ng mga tao para magbigay ng liwanag at init. Meron din namang mga bagay na akala natin ay pinanggagalingan ng liwanag ngunit ito ay nagsasalamina(reflect) lamang ng liwanag.

Ang **araw** ang pangunahing pinanggagalingan ng liwanag at init sa ating mundo. Lahat ng mga bagay na may buhay sa mundo ay nakadepende sa liwanag at init na nanggagaling sa araw.

Lahat ng mga bagay na nagbibigay ng liwanag at init ay mahalaga sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao at may naitutulong din ang mga ito sa mga hayop at sa mga halaman sa paligid.

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ilarawan kung saan nanggagaling ang liwanag at init at ano ang gamit nito.



Ano ang nagagawa ng liwanag at init para sa mga tao? Para sa mga halaman? Para sa mga hayop?

Ang apoy at ang araw ay pinanggagalingan ng init. May mga bagay tayong ginagamit na nagbibigay ng init tulad ng apoy, kalan, plantsa, at marami pang iba.

Ano sa palagay mo ang mangyayari kung walang nagbibigay ng init?

Ang init ay mahalaga para sa lahat ng may buhay. Karamihan ng ating gawain ay kailangan ng init tulad ng pagpapatuyo ng damit, pagpaplantsa ng damit, pagtatanim ng halaman, at marami pang iba. Ang mga hayop sa ating paligid ay kailangan ng init upang sila ay mabuhay. Maging ang mga halaman ay kailangan ng init upang makagawa ng sarili nilang pagkain.

Ano-ano pa ang mga bagay na pinagmumulan ng liwanag at init? Paano ito ginagamit?



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **N** kung ang mga sumusunod na pinanggagalingan ng liwanag at init ay natural at **A** naman kung ito ay artisyal. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

- | | |
|-------------------------------|-------------------------|
| _____ 1. araw | _____ 6. bombilya |
| _____ 2. buwan | _____ 7. flashlight |
| _____ 3. streetlight | _____ 8. siga (bonfire) |
| _____ 4. kandila | _____ 9. lampara |
| _____ 5. ilaw ng mga sasakyan | _____ 10. kalan (LPG) |

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Maglista ng mga bagay na pinanggagalingan ng liwanag at init. Pangkatin ito tulad ng talaan sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Nagbibigay ng liwanag	Nagbibigay ng init	Nagbibigay ng parehong liwanag at init

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang / (tsek) kung ito ay nagsasaad ng gamit ng liwanag at init at X (ekis) naman kung hindi.

_____1. Pagpapatuyo ng nilabhang damit sa pagbibilad nito sa arawan.



_____2. Nakikita natin ang mga bagay sa paligid at nagagawa ang mga bagay-bagay dahil sa liwanag at init.



_____3. Kailangan ng halaman ang sikat ng araw upang makagawa ito ng sarili niyang pagkain.

_____4. Ang power plants ang pinanggagalingan ng koryente na dahilan upang magkaroon ng ilaw ang mga tahanan.

_____5. Maaaring panggalingan ng init ang kalan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Suriin ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin ang pinanggagalingan ng init at paano ginamit ang init sa bawat gawain na nasa larawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Mga Gawain	Bagay na pinanggagalingan ng init	Paano ginamit ang init?
1. 		
2. 		
3. 		

Mga Gawain	Bagay na pinanggalingan ng init	Paano ginamit ang init?
4. 		
5. 		
6. 		
7. 		


Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gumuhit ng iba pang mga gamit na hindi nabanggit sa nakaraang mga gawain na matatagpuan sa inyong bahay at paligid na nagbibigay ng init at liwanag. Isalaysay kung paano ito gumamagamit ng init at liwanag. Kopyahin ang talaan sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Bagay na pinanggagalingan ng liwanag	Gamit ng liwanag

Bagay na pinanggagalingan ng init	Gamit ng Init



Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Isulat ang hinihingi sa bawat kahon upang mabuo ang concept map. Gawin ito sa iyong kuwaderno.





Gamit ng Tunog

Aralin

WEEK

7

Ang tunog ay isang anyo ng enerhiya na nalilikha sa pamamagitan ng pag-vibrate na nalilikha sa pag-urong-sulong ng isang bagay. Ang malakas na vibration ay nakalilikha ng malakas na tunog samantalang ang maikli at mahinang vibrations ay nakalilikha naman ng mahinang tunog.

Subukang ipikit ang iyong mga mata. Ano-anong tunog ang iyong naririnig? Saan-saan ba nagmumula ang tunog?

Sa araling ito, inaasahang **mailalarawan** mo ang **gamit ng mga tunog** sa ating pamumuhay.

Pinagmumulan ng Tunog

Ang tunog ay maaaring magsimula sa pag-iglap (snap) ng daliri, pagpalakpak, pagpadyak, o kahit sa pag-aayos lamang ng iyong mga gamit. Maari din pagmulan ng tunog ang ating pagsasalita, pagtawa, pag-iyak, pagsipol at pagkanta dahil sa pag-vibrate ng ating vocal cords. Ang iba't iba namang instrumentong pangmusika ay nakalilikha ng tunog sa pamamagitan ng paghampas gaya ng tambol, paghihip gaya ng torotot at trumpeta, pagkalabit ng string gaya ng gitara at violin, at pagkalog gaya ng maracas at iba pa. Marami ding bagay sa ating paligid ang pinagmumulan ng tunog gaya ng radio, telebisyon, telepono o cell phones, orasan, *bell* o kampana, at mga sasakyan. Maging ang mga hayop ay pinagmumulan din ng iba't ibang tunog gaya ng huni ng ibon at tahol ng aso.

Gamit ng Tunog

Ang iba't ibang tunog na ating naririnig ay may iba't ibang gamit.

Ang mga tunog na nalilikha sa pagsasalita at pagkanta ay ginagamit sa pakikipag-usap o pakikipag-ugnayan.

May mga tunog na nagsisilbing musika.

Ang tunog ay maaaring gamiting senyales o babala sa panahon ng sakuna gaya ng lindol, sunog, o bagyo. Ang tunog ng trak ng bumbero ay nagpapahiwatig ng sunog.

Ang tunog ng ambulansiya ay nagpapahiwatig naman na kailangan itong bigyang-daan dahil nanganganib ang sakay nito. May mga tunog na nagbibigay ng musika at impormasyon gaya ng mga nagmumula sa radio at telebisyon.

Ang tunog ng kampana ng simbahan ay hudyat na magsisimula na ang misa.

Ang tunog ng alarm clock ay nagbibigay-hudyat na oras na ng paggising.

Ang busina ng mga sasakyan ay nagbibigay-bababala upang maiwasan ang sakuna.


Mahalaga ang mga tunog ngunit ang sobrang malalakas na tunog ay maaari ring makasama.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng / (tsek) ang mga bagay kung ito ay pinagmumulan ng tunog.



1. _____




2. _____



3. _____





4. _____



5. _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 : Hanapin sa hanay B ang gamit ng tunog sa mga larawan sa hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A



Hanay B

a. nagbibigay babala na may nakasakay na nasa panganib.

b. ginagamit sa pakikipag-ugnayan


c. nagbibigay-impormasyon at musika

d. hudyat na may tao sa pintuan o gate

e. nagbibigay-hudyat ng oras na ng paggising

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ilarawan ang gamit ng tunog sa sumusunod.




1. _____



2. _____



3. _____



4. _____

Beep! Beep!



5. _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Magbigay ng 3 pangyayaring maaaring maganap kung walang tunog tayong naririnig sa ating kapaligiran.


1. _____

2. _____

3. _____



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Batay sa iyong napag-aralan, punan ang mind map at sagutin ang tanong sa ibaba.





Bakit mahalaga ang tunog?

Gamit ng Koryente

Aralin

I


Pagmasdan ang kabuoan ng inyong bahay. Anong bagay ang pinagagana ng koryente na nakita mo? Ano sa palagay mo ang nagagawa nito sa buhay natin? Ano ang ligtas at wastong paraan ng paggamit ng koryente at iba pang de-koryenteng kagamitan?




Sa panahon ngayon mahalaga ang koryente sapagkat halos lahat ng bagay ay pinagagana nito.

Sa paggamit ng koryente, pinagagagan nito ang ating mga gawaing bahay. Ginagawa nitong mas mabilis ang trabaho lalo na sa mga taong abala sa kani-kanilang mga pang-araw-araw na gawain.

Napagagana ng **koryente** ang isang bagay kapag ito ay isinaksak sa electrical socket. Ang koryente dito ay nagmumula sa **power plant**. Ang **koryente** ay isang anyo ng enerhiya na nagpapagana sa mga kagamitang de-koryente. Halimbawa ng mga kagamitan na pinagagana ng koryente ay ang telebisyon, kompyuter, refrigerator , washing machine, at iba pa.




Ang **baterya** ay pinagmumulan din ng koryente na ginagamit o inilalagay sa mga bagay para ito ay umilaw, tumunog, at gumalaw. Halimbawa ng mga kagamitang pinapagana ng baterya ay ang laruang de-baterya, flashlight, remote control, at iba pa.



May mga kagamitan naman na sabay na pinagagana ng baterya at koryente. Halimbawa nito ay **electronic-bike**, radio, laptop, at iba pa.

Ang koryente ay maaaring makapagpagalaw, makapagpailaw, makapagpainit, makapagpatunog at makapagpagana ng mga bagay o kagamitang nakatutulong sa ating pang araw-araw na pamumuhay.



Ligtas na Paggamit ng Koryente

Mga ligtas na pamamaraan sa paggamit ng koryente:


1. Iwasan ang sabay-sabay na pagsasaksak ng mga kagamitang de-koryente sa iisang **extension cord** tulad ng refrigerator, oven, electrical kettle, at electric fan.
2. Iwasan ang paghawak o pagsasaksak ng mga kagamitang de koryente kung basa ang kamay.
3. Alisin ang **electrical plug** kung ito ay hindi ginagamit.
4. Hugutin ang saksak ng telebisyon kung kumikidlat.

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Suriin ang mga bagay o kagamitan sa ibaba. Lagyan ng tsek ang mga kagamitang pinagagana ng koryente at ekis ang hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. _____



2. _____



3. _____








4. _____



5. _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Suriin ang mga bagay na nakasulat sa talaan at lagyan ng tsek ang angkop na hanay kung paano ito ginagamit o pinapagana. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Kagamitan	Koryente mula sa baterya	Koryente mula sa power plant
1. 		
2. 		
3. 		
4. 		
5. 		



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Magtala ng mga kagamitang pinagagana ng koryente sa unang hanay at isulat ang gamit nito sa ikalawang hanay.

Hanay A

Hanay B


Kagamitang de-koryente	Gamit Nito
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Tukuyin ang nagagawa ng koryente sa mga bagay o kagamitang nasa unang hanay. Lagyan ng / (tsek) ang angkop na hanay.

Bagay o kagamitan	Napapagalaw	Napapailaw	Napapainit	Napapatunog
1. plantsa				
2. radyo				
3. electric fan				
4. bombilya				
5. rice cooker				



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Punan ang concept map at talata sa ibaba ng angkop na salita.




Batay sa aking napag-aralan, ang koryente ay _____, _____, _____, _____ ng mga bagay o kagamitan na nakatutulong sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.



Susi sa Pagwawasto

Weeks 1-2	
Gawain sa Pagkatuto 1	Answers may vary
Gawain sa Pagkatuto 2	
1. T	5. M
2. T	4. T
3. M	3. M

Week 8				
Gawain sa Pagkatuto 1	1. /	1. korante mula sa power plant	Gawain sa Pagkatuto 2	1. napapainit
	2. /	2. korante mula sa batenya		2. napapatunog
Gawain sa Pagkatuto 1	3. /	3. korante mula sa batenya	Gawain sa Pagkatuto 3	3. napapagalaw
	4. /	4. korante mula sa power plant		4. napapainit
Gawain sa Pagkatuto 1	5. /	5. korante mula sa batenya	Gawain sa Pagkatuto 3	5. napapainit
		at power plant		
Gawain sa Pagkatuto 2			Answers may vary	
Gawain sa Pagkatuto 2			Gawain sa Pagkatuto 5	



Personal na Pagtatasa sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. (2015). *Science-Ikatlong Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog*. Pasig City. Department of Education—Instructional Materials Council Secretarial (DepEd—IMCS)

Del Prado, et.al. (2005). *Moving Ahead with Science (Grade 3)*. Innovative Educational Materials, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

